PHIL-JAPAN NEWS

Issued by BST Phils., Inc. Tel. 752-7247 Fax 893-3650
Unit 303 One Corporate Plaza, 845 Arnaiz Ave., Makati, Metro Manila, Philippines

Mga nilalaman ... ▸ Balita – Pambansa, Pampulitika, Negosyo/Ekonomiya, Krimen/Aksidente, Palakasan/Lipunan ▸ Alam n'yo ba? ▸ Piling Salita ▸ Horoscope ▸ Mga kainan (restaurants) ▸ Mahahalagang Bilang ng Telepono ▸ Mga Mangyayari (events) ▸ Announcements at iba pa

MGA TAMPOK NA BALITA

- MGA HAPON MAY PINAKAMAHABANG BUHAY SA BUONG MUNDO
- JAPAN UMAASA PA RIN NG MAKAKABILI NG F22 FIGHTER JETS
- JAPAN MAAARING IPAGPALIBAN ANG PAGPILI NG SUSUNOD NA FIGHTER JET
- NUCLEAR PLANTS PALALAKASIN ANG KAHANDAAN SA SUNOG
- ABE MANANATILI SA PUWESTO KAHIT MATALO ANG LDP SA ELEKSYON
- LDP KAKAUNTI ANG MAKUKUHANG PUWESTO SA KAMARA
- ASO HIHIKAYATIN ANG N. KOREA NA IPATUPAD ANG DENUCLEARIZATION
- APPROVAL RATING NG GABINETE TUMAAS
- JAPANESE RICE MABIBILI NA SA CHINA
- JR EAST ITATAAS ANG MAXIMUM SPEED NG TOHOKU SHINKANSEN LINE
- SANYO IBEBENTA ANG CELLPHONE SALES UNIT
- TOKYO STOCKS BUMAGSAK
- APAT NA KABATAAN ARESTADO DAHIL SA PAGNANAKAW NG STEEL BARRIERS
- PAGKAMATAY DAHIL SA TRAFFIC ACCIDENT BUMABA NG 9.1%
- JAPAN PINANGALANAN ANG LALAHOK SA WOMEN'S V-BALL GRAND PRIX
- SAKAMOTO MAGLALARO PARA KAY SPYKER SA FORMULA ONE

Ang ibon na ito ay isa sa mga attraction na makikita sa loob ng Subic Safari Zoo na isa sa mga tourist spot ng Subic Bay. Kadalasang dinadayo ang lugar na ito dahil sa ibat-ibang hayop na di lamang makikita kundi makakasalamuha pa.

Balitang Japan

Pambansa

MGA HAPON MAY PINAKAMAHABANG BUHAY SA BUONG MUNDO

Sa ika-22 sunod na pagkakataon, ang mga Hapones ang may pinakamahabang life expectancy sa buong mundo habang pumapangalawa naman ang kalalakihan sa Iceland.

Ayon sa health ministry ang life span para sa kababaihan noong isang taon ay nasa 85.81 taong gulang at sa lalaki naman ay 79. Ito na ang pinakamataas na naitala sa kasalukuyan.

Patuloy na tumataas ang life expectancy ng mga Hapon mula 2000 bagaman isang influenza outbreak ang naging sanhi ng pagbaba nito ngunit nakabawi noong isang taon.

Ang kakaunting kaso ng flu outbreak at maayos na medical treatment para sa tatlong pangunahing sanhi ng pagakamatay sa Japan, ang kanser, sakit sa puso at stroke, ang siyang mga pangunahing dahilan kung bakit humahaba ang buhay ng mga Hapon.

JAPAN UMAASA PA RIN NG MAKAKABILI NG F22 FIGHTER JETS

Umaasa pa rin ang Japan na mabibili nito ang next-

generation fighter jets mula sa Amerika bagaman ayaw itong ipagbili ng Washington.

Nais ng Japan na palitan ang kanilang lumang F-4 fleet sa susunod na summer at isa ang F-22 sa kanilang pinagpipilian ito'y sa kabila ng ban sa pag-eexport nito na ipinataw ng Kongreso ng Amerika.

Ayon kay Cabinet Secretary Shiozaki, mahalaga ang pagkakaroon ng impormasyon hinggil sa pinakabagong modelo ng fighter jets mula sa ibang bansa upang mapag-aralan ito. Patuloy rin nilang hihilingin ang pakikipagtulungan ng bawat bansa sa pagbibigay ng impormasyon.

JAPAN MAAARING IPAGPALIBAN ANG PAGPILI NG SUSUNOD NA FIGHTER JET

Kinukunsidera ng Japanese Defense Ministry na ipagpaliban ang pagpili sa kanilang susunod na fighter aircraft matapos pagtibayin ng US House panel ang export ban ng mga F22 fighter jets.

Ang F22s ang napipisil ng ministry na kapalit ng F4 fighter jets bilang susunod na pangunahing aircraft ng Japan at humihingi ng karagdagang impormasyon ang bansa mula sa Amerika hinggil dito. Ang F22s ay may stealth capability na kayang umiwas na matukoy ng radar.

Ngunit dahil pumasa sa US House Committee ang bill na nanawagan na manatali ang export ban ng F22s ay ipagpapaliban muna ng Japan ang pagbili nito.

NUCLEAR PLANTS PALALAKASIN ANG KAHANDAAN SA SUNOG

Palalakasin ng mga Japanese electric power companies ang kahandaan sa sunog ng kanilang mga nuclear power plants matapos masunog ang isang tarnsformer sa Kashiwazaki-Kariwa plant sanhi ng malakas na lindol noong isang linggo.

Matapos ang insidente sinuri ng mga power companies ang kanilang nuclear plants at lumalabas na hindi sapat ang kanilang kagamitan sa pagpatay ng sunog.

Matapos magpalabas ng kautusan ang gobyerno hinggil dito, nagsumite ang mga power companies ng plano upang mapabuti ang kanilang kahandaan laban sa sunog.

Maglalagay ang lahat ng kompanya ng firefighting staff na magbabantay 24 oras sa mga nuclear plants.

Magtatayo rin sila ng quake-resistance control rooms at eksklusibong linya ng telepono upang tawa-gan ang mga otoridad. Magtatalaga rin ng chemical fire trucks sa 11 nuclear plants.

Pampulitika

ABE MANANATILI SA PUWESTO KAHIT MATALO ANG LDP SA ELEKSYON

Ipinahayag ni Prime Minister Shinzo Abe ang kanyang intensyon na manatili sa puwesto kahit inaasahang matatalo ang kanyang koalisyon sa darating na House of Councilors election sa Linggo.

Sa pamamagitan ng isang e-mail newsletter, sinabi ni Abe na nais niyang maabot ang kanyang mga hangarin sa pamamagitan ng pag kakaroon ng reporma. Ito'y tungkol sa kanyang isinusulong na reporma sa edukasyon at pag-amyenda sa konstitusyon.

Dagdag pa niya na haharapin niya ang anumang protesta sa ipinapanukala niyang reporma at gagawin niya ang lahat upang matuloy ito.

LDP KAKAUNTI ANG MAKUKUHANG PUWESTO SA KAMARA

Base sa survey ng Yomiuri Shimbun, maaaring hindi umabot sa 40 puwesto ang makuha ng Liberal Democratic Party sa House of Councilors election sa Linggo.

Ang survey na isinigawa mula Lunes hanggang Miyerkules sa 37 constituencies ay nagpapakita na nahihirapan ang mga kandidato ng LDP na makakuha ng suporta at imposible rin na makuha

nila ang 40 puwesto sa prefectural constituencies at proportional representation bloc kung saan hirap din sa pangangampanya ang kanilang mga kandidato.

Posible ring mabigo ang koalisyon na makuha ulit ang mayorya dahil hirap din ang New Komeito na kaalyado ng LDP sa pangangampanya.

ASO HIHIKAYATIN ANG N. KOREA NA IPATUPAD ANG DENUCLEARIZATION

Gagamitin ni Japanese Foreign Minister Taro Aso ang darating na ASEAN regional meeting upang hikayatin ang North Korea na tuparin ang ipinangako nitong pagdedeklara ng lahat ng kanilang nuclear programs at isara ang kanilang nuclear facilities.

Ito ang gagawin ni Aso sa North Korea sa ministerial meeting ng ASEAN Regional Forum na magaganap sa Pilipinas sa Agosto 2. Kabilang sa inaasahang kalahok sa security forum ay si North Korean Foreign Minister Pak Ui Chun.

Ayon kay Aso kailangang maging positibo ang North Korea sa pagpapatupad ng hakbang tungo sa denuclearization kapag nagkita ang working group ng 6-party talks sa Agosto upang pag-usapan ang bagay na ito.

Plano rin ni Aso na magsagawa ng bilateral talks kasama si Chinese Foreign Minister Yang Jiechi.

APPROVAL RATING NG GABINETE TUMAAS

Tumaas ng 1.7% ang approval rating ng gabinete ni Prime Minister Abe kumpara noong isang linggo, ito'y base sa survey ng Yomiuri.

Ang disapproval rating naman ay bumaba ng 0.8 point sa 51.8% sa telephone survey na isinagawa mula Martes hanggang Huwebes kung saan 1,013 ang respondents.

Bukod dito, ipinapakita rin sa survey na mas iboboto ng publiko ang Democratic Party of Japan sa darating na eleksyon sa Linggo kumpara sa Liberal Democratic Party. Ganito rin ang lumalabas sa survey na isinagawa ng Asahi Shimbun at Mainichi Shimbun.

Negosyo / Ekonomiya

JAPANESE RICE MABIBILI NA SA CHINA

Simula kahapon ay nagpatuloy na ang pagbebenta ng Japanese rice sa China matapos ang apat na taong kasunod ng pag-alis ng ban ng Beijing sa pag-aangkat nito sa bansa.

Ang dalawang nangungunang brand na mabibili sa China ay ang Koshihikari na gawa sa Niigata Prefecture at Hitomebore na gawa naman sa Miyagi Prefecture.

Ang 2-kilong Koshihikari ay nagkakahalaga ng 198 yuan habang ang Hitomebore ay 188 yuan, sampung beses na mas mataas ang presyo kumpara sa mga bigas na gawa sa China.

Sinabi ni Japanese farm Minister Norihiko Akagi na China ang pinakamalaking kumukunsumo ng bigas sa buong mundo at ito raw ang unang hakbang upang mapalago ang benta ng Japa-nese rice sa China.

JR EAST ITATAAS ANG MAXIMUM SPEED NG TOHOKU SHINKANSEN LINE

Itataas ng East Japan Railway Company ang maximum speed ng kanilang bullet trains sa Tohoku Shinkansen Line sa 320 kph mula sa kasalukyang 275 kph.

Layon ng hakbang na mapaiksi ang travel time sa pagitan ng Tokyo at Shin-Aomori stations sa tatlong oras kapag pinalawig ang Tohoku Line sa Aomori sa 2010. Ang bilis na 320-kph ng Tohoku Shinkansen bullet trains ay katulad ng French TGV high speed railway na kasalukuyang may pinakamabilis na commercial operations sa buong mundo.

SANYO IBEBENTA ANG CELLPHONE SALES UNIT

Ibebenta ng Sanyo Electric Company ang kanilang cellphone sales unit sa isang kasunduan na nagkakahalaga ng hanggang 10 bilyong yen o 85 milyong US dollars, ayon sa report ng Nikkei Business daily.

Ang Telecom Sanyo ay pinapatakbo ang 60 tindahan sa Japan at nagsisilbing sales agent para sa NTT DoCoMo at iba pang mobile operators.

Ang pagbebenta ng ilang negosyo ng Sanyo ay bahagi ng restructuring at posible silang magsagawa ng auction para sa ibinebentang telecom unit kung saan inaasahang lalahok ang Telepark Corp., NEC Mobiling Ltd. at Marubeni Telecom Co.

TOKYO STOCKS BUMAGSAK

Bumaba ang mga shares sa Tokyo Stock Exchange kaninang umaga matapos bumagsak ang New York Stock Exchange kahapon. Mula nang magbukas ang kalakalan sa merkado ay nagbagsakan ang mga presyo ng shares na naka-apekto sa mahigit 90% ng mga kompanyang nakatala sa Tokyo Stock Exchange. Bumaba ang TOPIX index ng 36 puntos at natapos sa 1,701. Ang Nikkei naman ay bumagsak ng 410 puntos sa 17,921.

Ang pagbagsak ay matapos bumaba ang Dow Jones sa New York noong Huwebes sa gitna ng pagkabahala sa problema ng sub-prime mortgage.

Krimen / Aksidente

4 NA KABATAAN ARESTADO DAHIL SA PAGNANAKAW NG STEEL BARRIERS

Apat na kabataang lalaki ang inaresto dahil sa pagnanakaw ng stainless steel parking lot barriers, ayon sa Saitama Prefectural Police.

Ang apat na kabataan na mula sa Kuki, Saitama Prefecture na nasa edad 16 hanggang 18 ay umamin sa naman sa mga alegasyon. Ayon sa kanila, inakala nilang mabebenta ang mga bakal sa mas mataas na halaga matapos mapanood sa isang programa sa telebisyon. Isa sa kanila ang nagsabi na gagamitin nila ang pera upang maglibang.

Dagdag pa ng mga pulis na nagsimulang magnakaw ang apat ng mga steel barriers sa Tokyo at iba pang lugar mula Enero ngayong taon.

PAGKAMATAY DAHIL SA TRAFFIC ACCIDENT BUMABA NG 9.1%

Ang bilang ng pagkasawi dahil sa aksidente sa trapiko ay nasa 2,655 sa unang kalahati ng taon, bumaba ng 9.1% kumpara noong isang taon kaya naman inaasahang mas magiging mababa pa ito sa 6,000 sa kaunaunahang pagkakataon mula 1953, ayon sa National Police Agency.

Ang bilang ng mga aksidente sa trapiko at mga taong nasaktan ay bumaba rin ng 6.1% sa 404,639 at 5.8% sa 501,396 mula Enero hanggang Hunyo.

Sinabi ng isang opisyal ng NPA na ang pagbaba ay dahil sa pinaigting na crackdown sa mga nagmamaneho ng lasing.

Palakasan / Lipunan

JAPAN PINANGALANAN ANG LALAHOK SA WOMEN'S V-BALL GRAND PRIX

Inanunsiyo kahapon ng mga opisyal ng Japanese volleyball ang mga lalahok sa women's World Grand Prix na magsisimula sa Agosto 3.

Ang 14 na manlalaro ay kinabibilangan nina Yoshie Takeshita, Megumi Kurihara at Asako Tajimi. Ngunit mababawasan pa sila ng dalawa at magkakaroon na lamang ng kabuuang 12 manlalaro.

SAKAMOTO MAGLALARO PARA KAY SPYKER SA FORMULA ONE

Maglalaro si Sakon Yamamoto para kay Spyker sa huling pitong karera ng Formula One ngayong taon.

Papalitan ni Yamamoto si Christijan Albers na natanggal ngayong buwan matapos mabigo ang kanyang personal sponsors na magpakita ng naipangakong pera.

Nagsimula ang Formula One career ng 25 taong gulang na Hapon noong 2005 bilang test driver sa isang grand prix sa Japan.

PILING SALITA

PILIPINO: berde
HAPON: midori
緑

☀ HOROSCOPE ☽

☆☆☆Hulyo 28, 2007☆☆☆

♈ **ARIES (3/21-4/19)**

Dapat magkaroon ng magandang dahilan ang araw na ito. May bagay na dapat kang tuklasin sa bahay o sa trabaho.

♉ **TAURUS (4/20～5/20)**

May mahalagang bagay kang makakalimutan kaya't siguraduhing kontrolado ang mga gawain.

♊ **GEMINI (5/21～6/21)**

Maghanda sa isang sorpresa o pagbuti ng isang bagay na matagal nang nakalimutan.

♋ **CANCER (6/22～7/22)**

Marami kang matatapos na gawain sa araw na ito at magpapasalamat ka rin sa magandang matututunan.

♌ **LEO (7/23～8/22)**

Ang kalat-kalat na isipan kahapon ay magpapatuloy pa rin ngayon. Dapat magkaroon ng focus.

♍ **VIRGO (8/23～9/22)**

Gugustuhin mong maglaan ng panahon sa isang seryosong kaibigan.

♎ **LIBRA (9/23～10/23)**

Sisiguraduhin mong makakuha ng resulta sa mga gawain kahit na di kaagapay ang iba.

♏ **SCORPIO (10/24～11/22)**

Malapit na ang tagumpay ngunit siguraduhing imbitahin ang mga kaibigan sa isang salu-salo.

♐ **SAGITTARIUS (11/23～12/21)**

Pagkatapos ng maraming gawain sa bahay o sa trabaho, pagbigyan naman ang sarili at mag-shopping at magliwaliw sa mall.

♑ **CAPRICORN (12/22～1/19)**

Pera ang magiging dahilan ng kaunting sakit ng ulo sa araw na ito.

♒ **AQUARIUS (1/20～2/18)**

Maaantala ang iyong trabaho ngayon dahil sa isang taong nangangailangan ng tinding tulong.

♓ **PISCES (2/19-3/20)**

Isang kaibigan ang magdadala ng kalinawan sa mga bagay na matagal mo nang gustong solusyonan.

Come, visit & enjoy authentic Japanese cuisine at

Nagomi

Restaurant

El Pueblo Real de Manila
Julia Vargas St. cor. ADB Ave.
Ortigas Center, Pasig City

Tel. 632-1736
http://nagomirestaurant.com

TOKYO BENTO

For those interested to engage in the business of scrumptious packed lunch at reasonably affordable prices, contact Mr. Isono for details.

Channel Sakura Broadband

24 hours on demand broadcasting

please click here
http://bb.ch-sakura.jp

for inquiries, please contact
info@ch-sakura.jp

カスタマーサービス
03-6419-3900

（月～土　10：00～18：30）

LEARN THE EFFECTIVE WAY OF SELF-DEFENSE

enroll now at

KYOKUSHIN-KAN INTERNATIONAL

KARATE

ORGANIZATION PHILIPPINES

For particulars call or visit us at
KYOKUSHIN-KAN INTERNATIONAL
D7, Ground Floor., UPY Building
Sen. Gil Puyat Ave., Makati City
TEL: 889－0183
kyokushinkan888@yahoo.co.jp

Mahahalagang bilang ng mga telepono

110	**Police**
119	**Fire / Ambulance**
03-5562-1600	**Philippine Embassy (Tokyo)**

Philippine Consulates

06-6910-7883	Osaka
011-611-1633	Hokkaido
012-386-2026	Hokkaido
052-839-0570	Nagoya
098-892-5486	Okinawa

Regional Immigration Bureaus

03-3286-5241	Tokyo (9:30am-4:00pm)
06-6941-0771	Osaka
052-951-2391	Nagoya
082-221-4411	Hiroshima
092-623-2400	Fukuoka
022-256-6076	Sendai
011-261-7502	Sapporo
087-822-5852	Takamatsu

Tokyo Metropolitan Police Department

03-3503-8484	Foreigner's Hotline

Human Rights Counseling Center for Foreigners

03-3214-6697	Tokyo
06-6942-1481	Osaka
078-392-1821	Kobe
052-952-8111	Nagoya
082-228-5201	Hiroshima
092-725-9201	Fukuoka
087-837-5901	Takamatsu
089-917-5678	Matsuyama

AMDA (Association of Medical Doctors of Asia) International

Medical Information Center

03-5285-8088	Tokyo
06-6636-2333	Kansai

For consultation regarding Domestic Violence:

TOKYO

03-3432-3055	KAPATIRAN
03-3368-8855	HELP
03-3730-0556	OCNet

CHIBA

043-853-3453	Family Center Viola

KANAGAWA

045-901-3527	House for Women "Saalaa"
044-580-4675	Kalakasan

YAMAGATA

023-634-9832	Intl. Volunteer Center Yamagata

NAGANO

026-232-6881	Pakiki-isa

AICHI

052-853-4479	Kakekomi Aichi

KYOTO

075-451-6522	Kyoto YWCA - APT

OSAKA

06-6577-9680	Clover

HIROSHIMA

084-924-4435	Worldship

KUMAMOTO

96-248-3752	Kumusta ka

ALAM N'YO BA?

Ang tawag sa Japanese art of flower arrangement ay Ikebana. Kilala rin ito sa tawag na Kado o way of flowers. Ang istruktura nito ay nakabase sa tat-long pangunahing ideya na sumisimbolo sa kalangi-tan, mundo at tao. Nagsimula ito noong ika-anim na siglo bilang isang ritwal kung saan nag-aalay ng bulaklak sa mga templo sa Japan.

Ang Tatebana o vertical flower ay kinukunsi-derang kauna-unahang style ng Ikebana. Nandiyan din ang rikka style o standing flowers na lumabas noong ika-labing limang siglo at naging tanyag noong ika-labing pitong siglo. Nagkaroon din ng isang simpleng style ng Ikebana na tinatawag na Nageire at karaniwang ginagamit sa tea ceremony. Noong 1890s naman nang mauso ang tinatawag na Moribana o piled-up flowers. Umusbong ang ganitong uri ng Ikebana matapos maipakilala ang mga bulaklak mula sa western countries at kalimitang ginagamit sa landscaping at garden. Nagsimula naman ang modern Ikebana noong 1930s kung saan mas magarbo ito.

Sa mga nais matuto ng Ikebana mayroong tatlong libong eskuwelahan sa Japan na maaari ninyong pasukan. Nasa 15 milyong katao sa Japan ang nagsasanay ng Ikebana at karamihan dito ay mga batang babae. magarbo ito. Sa mga nais matuto ng Ikebana mayroong tatlong libong eskuwelahan sa Japan na maaari ninyong pasukan. Nasa 15 milyong katao sa Japan ang nagsasanay ng Ikebana at karamihan dito ay mga batang babae.

MGA KAINAN (RESTAURANTS)

☆ ISSHIN JAPANESE RESTAURANT
Executive Lunch Set Meals
P110.00 only (Vat inclusive)
Mon – Fri 11:30 AM to 2:00PM
☎817-2548 / 844-1512

☆ KAMAYAN RESTAURANT
Seafood Island Festive Basket
Culiat All Meat – P499++
Siargao Seafood & Meat
– P520++
Malapascua Seafood Catch
– 610++
Basco Seafood Catch
– P769++
(Good for 4 persons)
☎815-1463

☆ RED CRAB'S SEAFOOD RESTAURANT
Lunch and Dinner Buffet
Monday to Saturday
P575++ except Fri & Sat
P 625++ Dinner Buffet
☎757-4716

☆ DENCIO'S BAR & RESTAURANT
Breakfast Combo Meal:
Meal Tapa – P 170+
Longanisa Meal – P130+
Adobo Flakes & Daing na
Bangus – P140+
☎898-0601

☆ PACKOS GRILL & RESTAURANT
Lunch Express Meal Promo
Beef Brocolli Meal P160+
Beef Caldereta Meal P165+
Chicken Curry Meal P145+
Tilapia Fillet Meal P120+
Served with soup & ice tea
☎414-5570

☆ LUK YUEN NOODLE HOUSE
Bento Meal
Chicken, Pork & Fish
P180.00 per bento box
Tel # 867-1394 / 867-1395

☆ BISTRO REMEDIOS BAR & RESTAURANT
Country's Favorites Buffet
Menu I – P500++ /head
Menu II – P450++ /head
Menu III&VIII – P600++ /head
Menu IV– P675++ /head
Menu V – P500++ /head
Menu VI & VII – P550++/head
☎536-6078

☆ SANLY SEAFOOD RESTAURANT
Party Menu I P4,900+
Party Menu II P5,500+
Party Menu III P5,800+
(Good for 4 Persons)
Tel # 521-9848

☆ BARRIO FIESTA RESTAURANT
Merienda Buffet – P 101.00
Mon. – Fri. from 3 to 6 PM
Tel # 635-5944

☆ NEW DYNASTY SEAFOOD RESTAURANT
Set Menu I P3,500+
Set Menu 2 P4,000+
Set Menu 3 P4,500+
Set Menu 4 P5,000+
(Plus 10% Service Charge)
Tel # 523-6611 / 523-6612

☆ DAD'S SAISAKI RESTAURANT
Lunch Buffet P415++
(Mon. to Thu. except Fri & Sat)
Dinner Buffet P515++
(Monday – Sunday) Excess of
10 persons 1 FREE of charge
Tel # 892-8898

☆ JAYMI'S GRILL RESTAURANT
Sizzling Lunch Special –
– P99.00++ Mon. – Sat.
from 11AM to 2 PM
Tel # 815-7990 / 815-2741

MGA PAALALA...

Mga Mangyayari (EVENTS)
(☆ - new; ★ - previous)

☆ JCDN Showcase: ODORI NI IKUZE (We're gonna go Dancing!)
August 24-25, 2007; 8:00 PM
Tanghalang Huseng Batute, CCP Complex, Pasay City

☆ JAPANESE LANGUAGE PROFICIENCY TEST
December 2 (Sunday)at 9:00 a.m in three (3) different venues De La Salle University, Taft Ave., MANILA, Philippine Nikkei Jin Kai – International School, Angliongto Ave., Lanang, DAVAO & University of San Carlos, P. Del Rosario St., CEBU. Application forms will be available from August 7 at the following offices:
The Japan Foundation, Manila Tel. # 811-61-55 to 58 Fax # 811-61-53; Philippine Nikkei Jin Kai – Int'l. School - Tel. # (082) 235-2971 / (082) 2330013 Japanese Association Cebu, Inc. - Tel. # (032) 3437662 / Fax # (032) 3437663
Examination Fees in full are to be paid upon submission of duly accomplished forms with two (2) prescribed photos, as scheduled below and in the respective localities: 23 Aug. to 5 Sept. 2007 (10:00 a.m. - 12:00 noon / 2:00 p.m.- 5:00 p.m.) Level 1 & 2 – P 700.00, Level 3 & 4 – P 600.00

☆ INSOMIA THE SOUTHERN BREAKTHROUGH
Japanese popular culture just conquered new boundaries as UP SOMA Soshiki in coope-ration with Soul Society Philippines brings you InSOMAnia: Southern Break-through, The first Japanese popculture convention in Southern Luzon. September 1, 2007, UPLB Senior Social Garden, Gates open @ 1pm, Tickets available for Php100

☆ Japan-Philippine Economic Partnership Agreement (JPEPA)

The Japanese Studies Program of the Ateneo de Manila Univ. will look at the issue of the Japan-Philippine Economic Partnership Agreement JPEPA) Are our nurses going to Japan?" through a symposium on Aug. 6, 2007, 3 – 5pm at the Ching Tan Room/SOM 111. For further information, please contact; The Japanese Studies Program at Tel. No. 426-6001

★ JAPANESE FILM FESTIVAL

July 22 - 29, 2007
Japan Foundation Cebu Consular Office,
Ayala Center Cebu

★ HARUKI MURAKAMI ESSAY WRITING CONTEST

Submit an original & unpublished essay on Murakami's novel/s and send to: email@jfmo.org.ph or via fax # 811-6153 together with the writer's name and contact details on or before Friday – August 31, 2007

★ Textbook Project "Weekly Workshop" Schedule

16th July (Mon. 18:30-20:30)
21st. July (Sat. 10:00-12:00)
30th July (Mon. 18:30-20:30)
The Japan Foundation Manila 1st floor Pacific Star Bldg. Makati City

★ Musubitsuki : Japanese Images/Thematics in Philippine Arts

July 19 - Oct. 5, 2007 8:00 PM Tall Galleries, Metropolitan Museum Bangko Sentral ng Pilipinas, Manila

★ JAPAN FOUNDATION, MANILA'S ROOM NAMING CONTEST

Give a fantastic name for JFM's new multi-purpose SPACE on the Grnd. Floor of the Pacific Star Building e-mail entries to email@jfmo.org.ph or fax# to 811-6153 together with your name on or before Friday – August 3, 2007

puti	shiro	白
itim	kuro	黒
asul	ao	青
pula	aka	赤
berde	midori	緑

BST Phils., Inc. is a company engaged with video and film production and distribution since year 2000. Over the years, BST rendered its services exclusively to WINS Channel. To provide greater accessibility, it is currently developing its Phil-Japan Channel in the internet which will be available soon. BST also offers free e-mail service on

Philippine news in Japanese.

Phil-Japan News is a free mail service sent for Filipinos living in Japan & others who are interested to receive it. Kindly send e-mail to **Phil-Japan News** if you would like to subscribe/ unsubscribe.

Send us your comments and suggestions --we'll be glad to hear from you.

We offer

DVD Dubbing service
Contact us at (632) 752-7247
or fax (632) 893-3650
or send e-mail to

clubnews@philjpn.com